

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BARANGAY

SIPI NG KATITIKAN SA GINANAP NA ESPEYAL NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY NG MONTEMAYOR, NAUJAN, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-08 NG FEBRERO 2014 SA GANAP NA IKA-8:00 NG UMAGA, GINANAP SA BARANGAY HALL

MGA DUMALO:

<b>KGG. NICHOLSON B. UDTUHAN</b>	Punong Barangay
<b>KGG. RHENMARK M. COMIA</b>	Kagawad
<b>KGG. BERNIE F. VILLEGAS</b>	Kagawad
<b>KGG. RODRIGO PAGWAGAN JR.</b>	Kagawad
<b>KGG. JOY V. ZAPATA</b>	Kagawad
<b>KGG. MICHAEL S. RAMIRO</b>	Kagawad
<b>KGG. GAYLORD F. FERARO</b>	Kagawad
<b>KGG. MAXIM R. MARCOS</b>	Kagawad

HINDI DUMALO:

WALA

RESOLUSYON BLG.03  
SERYE 2014

ISANG KAPASYAHAN NG SANGGUNIANG BARANGAY NG MONTEMAYOR, NAUJAN, SILANGANG MINDORO NA NAGDEKLARA NG BUONG PAGSUPOORTA AT PANGANGAYON SA PAGTATAYO NG GEOTHERMAL POWER PLANT NG EMERGING POWER INC. ANG MAPITAGANG IPINAABOT SA KGG. MARTIN ANTONIO G. ZAMORA CHAIRMAN OF THE BOARD OF TRUSTEES, EMERGING POWER INC. AT KAALINSABAY NG SUPORTA AT PANGANGAYON AY ISANG KAHILINGAN NG SANGGUNIANG BARANGAY NG MONTEMAYOR ANG MADALIANG PAG-UUMPISA NG PAGTATAYO NG NABANGGIT NA PROYECTO NA MATATAGPUAN SA PANULUKAN NG BARANGAY MONTEMAYOR, MONTELAGO AT MELGAR B NG NAUJAN SILANGANG MINDORO.

SAPAGKIAT, ayon sa mga nakaraang pagsusuri ay napatunayang may malaking "area" ng lupang nasasakupang ng Barangay Montemayor ay may positibong "source" na angkop at magagamit sa pagtatayo ng GEOTHERMAL POWER PLANT ng EMERGING POWER INC na magsisilbing solusyon sa kakulangan ng "supply" ng kuryente sa buong Lalawigan.

SAPAGKAT, kung maitatayo agad ang nabanggit na proyekto, ang mga suliraning nararanasan sa Barangay ay masusuluyunan at iba pang kapakinabangan sa pag-unlad ng pamumuhay ay maibibigay ng EMERGING POWER INC.

SAPAGKAT, ang EMERGING POWER lamang ang may kakayanang makapagtayo ng GEOTHERMAL POWER PLANT na kung saan hindi lamang ang nasasakupang barangay lamang ang makikinabang sa naturang proyektong ito manapay ang buong Lalawigan ng Silangang Mindoro.


DAHIL DITO'Y IPINASIYA, katulad ng ginagawang pagpapasiya na pagtibayin ang Kapasyahang ito.


IPINASIYA PA RIN NA, padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Tanggapan ng Kgg. MARTIN ANTONIO G. ZAMORA CHAIRMAN OF THE BOARD OF TRUSTEES, EMERGING POWER INC. para sa kanyang kabatiran sa Kapasyahang ito.

Sa mungkahi ni Kagawad RHENMNRK M. COMIA na pinangalawahan ni Kagawad GAYLORD F. FERARO at buong pagkakaisang sinangayunan ng lahat na dumalo sa pagpupulong na ito, ANG KAPASYAHANG ITO'Y ..... LUBOS NA PINAGTIBAY.

PINATUTUNAYANG LUBOS NA PINAGTIBAY:

PINATUTUNAYANG WASTO AT MALIWANAG:

  
**NICHOLSON B. UDTUHAN**  
Punong Barangay

  
**ROLOY U. VILLAS**  
Kalihim

KGG. MAXIM R. MARCOS

KGG. GAYLORD F. FERARO

KGG. MICHAEL S. RAMIRO

KGG. JOY V. ZAPATA

KGG. RODRIGO F. PAGWAGAN

KGG. BERNIE F. VILLEGAS

KGG. RHENMARK M. COMIA